


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7
## Paggamit nang Wasto sa mga Pang-ukol



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Milna I. Alderite
**Tagasuri:** Zyra Z. Colcol
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:**
SDS Majarani M. Jacinto, EdD,CESOVI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
CID CHIEF Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
EPS Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang paggamit nang wasto ang mga pang-ukol natutuhan sa aralin/batayang talasalitaang pampaningin.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nagagamit nang wasto ang mga pang-ukol ni/nina, kay/kina, ayon sa, para sa, at ukol sa, **(F2WG-IIIh-i7-)**



# Balikan

Basahing mabuti ang mga talata sa ibaba at bigyan ito ng tamang pamagat. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pating ay isang uri ng karniborong isda. Sa kasalukuyan, mayroong mahigit na limandaang uri ng pating. Karamihan ng uri ng pating ay nananatili sa tubig-dagat ngunit may iilang nabubuhay sa tubig tabang. Ang pinakamaliit na pating ay may habang anim na pulgada. Ang pinakamahaba naman ay ang butanding. Ito ay umaabot sa haba na labindalawang metro.

a. Ang Nakakatakot na Isda
b. Ang Iba't Ibang Uri ng Pating
c. Ang Pating

2. Sabik na sabik si Julia na pumasok sa paaralan ngayong araw na ito. Kagabi pa lamang ay inihanda na niya ang kanyang uniporme. Naka-ayos na rin ang kanyang bag at baunan. Pagtunog ng kanyang relo, mabilis na bumangon si Julia upang maligo na. Dali-dali siyang nagbihis at pumunta sa silid-kainan. "Julia, mukhang handa ka na para sa unang araw ng pasukan,"

3. ang bati ng kanyang nanay. "Opo! Sabik na po akong pumasok!" ang sagot ng bata.

a. Ang Unang Araw ng Pasukan
b. Sabik nang Pumasok si Julia
c. Ang Paaralan ni Julia



## Tuklasin

A. Lagyan ng angkop na pang-ukol na **ni/nina** ang patlang upang mabuo ang pangungusap tungkol sa larawan.



1. Niyaya _______ Mang Kanor at Mang Abel si Mang Caloy na dumalo sa pagpupulong ng barangay.



2. Tinulungan _______ Lola Ising si Lola Bising na maalala ang kanyang hinahanap.



3. Binasa ______ Ben at Berto ang aklat sa asignaturang Filipino.



4. Pinaalalahanan _______ Harmi si Amay sa kanilang takda.



5. Pinaiyak _____ Ali ang batang lalaki.

Ang **ni** ay ginagamit kung tumutukoy sa isang tao. Samantalang ang **nina** ay ginagamit kung ang isang bagay o kilos ay ginawa o para sa dalawa o mahigit pang tiyak na tao.

B. Punan ng **kay/kina** ang bawat patlang.

1. Ibinigay ko ____ nana yang mga sariwang gulay.
2. Binili ni Tita Celsa ang pulang payong para ____ Susan at Nerie.
3. Nalaman ko _____ Nonoy na walang pasok bukas.
4. Nagtungo kami _________ lolo at lola noong araw ng Pasko.
5. Hiningi namin ________ Tiyo Lolo yang kanilang mga lumang damit.

Ang pang-ukol na **kay** ay ginagamit kapag ang isang kilos o bagay ay tungkol sa iisang tiyak na tao lamang.

Samantala, ang pang-ukol na **kina** ay ginagamit kung ang bagay o kilos ay tungkol sa dalawa o mahigit pang tiyak na tao.

C. Bilugan ang angkop na parirala upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. (Ayon sa, Ayon kay) matatanda, ang Panginoon ay tinatawag din nilang Bathala.
2. (Ayon sa, Ayon kay) Apo Lakay, hindi dapat ipagwalang bahala ang sakit na nararamdaman.
3. (Ayon sa, Ayon kay) pag-aaral, ang mga Pilipino ay lahing maka-Diyos.
4. (Ayon sa, Ayon kay) bansang Amerika, nakahanda silang tumutulong sa mga nasalanta ng bagyo.
5. (Ayon sa, Ayon kay) Tito Lito, tatlo ang kaniyang anak na magtatapos sa elementarya.

Ang pang-ukol na **ayon sa** ay ginagamit kapag ang siniping pahayag o impormasyon ay mula sa isang tiyak na aklat, pahayagan, at iba pa.

Samantala, ang **ayon kay** ay ginagamit kung ang pinagkuhanana ng pahayag o impormasiyon ay isang tiyak na tao.

D. Salungguhitan ang angkop na pang-ukol upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Ang damit ay (para sa, ukol sa) mga bata.
2. Ang kuwento ay (para sa, ukol sa) Lungsod ng Marikina.
3. Ang paghalik ng kamay ay tanda ng pagmamahal (para sa, ukol sa) mga magulang.

4. (Para sa, Ukol sa) bago kung halaman ang mga paso na ito.
5. Ang kuwentong nabasa ko ay (para sa, ukol sa) isang prinsesa.

Ang pang-ukol na **para sa** ay ginagamit kapag tumutukoy sa isang kilos o bagay ng hindi tiyak na pangngalan.

Samantala, ang **ukol sa** ay ginagamit kung ang pinagkuhanana ng pahayag o impormasiyon ay isang tiyak na tao.



## Suriin

Ngayon ay pag-usapan natin kung ano ang pang-ukol.

Ano ba talaga ang pang-ukol?

- **Pang-ukol** ang tawag sa mga kataga o salitang nag-uugnay sa isang pangngalan sa iba pang salita sa pangungusap.

Bakit ito ginagamit?

- Ito ay ginagamit upang matukoy kung saang lunan o kung anong bagay ang mula o tungo, ang kinaroroonan, ang pinangyarihan o kina-uukulan ng isang kilos.

Anu-anu ba ang halimbawa nito at paano ito gagamitin?

- Ang **ni** ay ginagamit kung tumutukoy sa isang tao.

  Samantalang ang **nina** ay ginagamit kung ang isang bagay o kilos ay ginawa o para sa dalawa o mahigit pang tiyak na tao.
- Ang pang-ukol na **kay** ay ginagamit kapag ang isang kilos o bagay ay tungkol sa iisang tiyak na tao lamang.

  Samantala, ang pang-ukol na **kina** ay ginagamit kung ang bagay o kilos ay tungkol sa dalawa o mahigit pang tiyak na tao.
- Ang pang-ukol na **ayon sa** ay ginagamit kapag ang siniping pahayag o impormasyon ay mula sa isang tiyak na aklat, pahayagan, at iba pa.
  Samantala, ang **ayon kay** ay ginagamit kung ang pinagkuhanan ng pahayag o impormasiyon ay isang tiyak na tao.

- Ang pang-ukol na **para sa** ay ginagamit kapag tumutukoy sa isang kilos o bagay ng hindi tiyak na pangngalan.
- Samantala, ang **ukol sa** ay ginagamit kung ang pinagkuhanan ng pahayag o impormasiyon ay isang tiyak na tao.



## Isaisip

Mga bata dapat natin itong tandan!

Ang **pang-ukol** ay ang bahagi ng pananalita na nag-uugnay sa pangngalan, pandiwa, panghalip, o pang-abay sa iba pang mga salita sa loob ng pangungusap. Ito ay maaari ring magturo ng lugar o layon. Ilan sa mga halimbawa ng bahagi ng pananalita na ito na kadalasan ay ginagamit sa pangungusap ay ang *ni o nina, kay o kina, ukol sa, para sa,* at *ayon sa.*



## Tayahin

**Panuto**: Piliin ang wastong paggamit ng mga Pang—ukol sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang bago ang bilang ang titik ng tamang sagot.

_____1. Nakita ni Lily ang kanyang guro na gusto niyang tanungin tungkol sa balita ng kanyang kaklase. Alin kaya sa mga sumusunod ang tama gamit ang angkop na pang-ukol?

a. Magandang araw po Bb. Gracia, may gusto lang po akong itanong. ***Ayon kay*** Maria magdala daw po kami ng bulaklak para sa ating paaralan?
b. Magandang araw po Bb. Gracia, may gusto lang po akong itanong. ***Ayon sa*** Maria magdala daw po kami ng bulaklak para sa ating paaralan?
c. Magandang araw po Bb. Gracia, may gusto lang po akong itanong. ***Kina*** Maria magdala daw po kami ng bulaklak para sa ating paaralan?
d. Magandang araw po Bb. Gracia, may gusto lang po akong itanong. ***Nina*** Maria magdala daw po kami ng bulaklak para sa ating paaralan?

_____2. May nakitang pera si Pedro at alam mo na si Aisa ang may ari nito. Ano ang sasabihin mo?

a. **Kay** Aisa ang pera na iyan.
b. **Kina** Aisa ang pera na iyan.
c. **Para** sa Aisa ang pera na iyan.

d. **Ni** aysa ang pera na iyan.

_____3. Nadatnan ni Cora si Selda na may dala-dalang mga pagkain at tinanong niya kung para kanino ang mga ito. Ano ang isasagot ni Selda?

a. **Ukol** sa mga batang nasa lansangan ang mga ito.
b. **Kay** mga batang nasa lansangan ang mga ito.
c. **Para** sa mga batang nasa lansangan ang mga ito.
d. **Nina** mga batang nasa lansangan ang mga ito.

_____4. Tinanong si Rona ni Losita kung ano ang pamagat ng kwentong kanyang binasa.

a. Ang kwentong aking binasa ay **ayon sa** mga engkantada.
b. Ang kwentong aking binasa ay **ukol sa** mga engkantada.
c. Ang kwentong aking binasa ay **para sa** mga engkantada.
d. Ang kwentong aking binasa ay **ayon kay** mga engkantada.

_____5. "Saan ka pupunta?" ang tanong ni Vina kay Muna. Ano ang kanyang isasagot?

a. Ako ay pupunta sa bahay **nina** Angelito at Nora.
b. Ako ay pupunta sa bahay **ni** Angelito at Nora.
c. Ako ay pupunta sa bahay **kay** Angelito at Nora
d. Ako ay pupunta sa bahay **ukol sa** Angelito at Nora.



## Karagdagang Gawain

Gamitin ang mga pang-ukol na nasa kahon upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang iyong napili sa patlang.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| para sa | ni | ukol sa | ayon sa | kina |

1. Ginawan ______ Nita si Lino ng eroplanong papel.
2. __________ PHIVOLCS, may posibilidad na pumutok ang bulkang Mayon anumang oras.
3. __________ Ana at Analita iniabot ang mga pagkain.
4. Ang mga damit at sapatos ay ____________ mga nasalanta ng bagyo.
5. ____________ Pilipino ang paksa sa usapin.

# Susi sa Pagwawasto

BALIKAN
1. C
2. B

TAYAHIN:
1. a
2. a
3. c
4. b

TUKLASIN:

A.
1. nina
2. ni
3. nina
4. ni
5. ni

B.
1. kay
2. kina
3. kay
4. kina
5. kay

C.
1. ayon sa
2. ayon kay
3. ayon sa
4. ayon sa
5. ayon ka

D..
1. para sa
2. ukol sa
3. para sa
4. para sa
5. ukol sa

**Karagdagang Gawain:**
1. ni
2. ayon sa
3. kina
4. para sa
5. ukol sa

# Sanggunian


"Mga pang-ukol." Accessed January 2021. http://spireuplearning.blogspot.com/2017/01/mga-pang-ukol.html

Department of Education. *Filipino 2 learners' material*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Filipino 2 teachers' guide*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

Pia Noche. "Pagsasanay sa Filipino." Last modified 2014. https://samutsamot.files.wordpress.com/2014/10/pagpili-ng-tamang-pang-ukol_2.pdf

Yonekai12. "Pang-ukol." Access January 2021. https://www.liveworksheets.com/nd141468hn.